Sino ang aming pinagsisilbihan?

Mga kinakailangan/Pagiging Dapat sa Pagpasok

Pinagsisilbihan namin ang mga may sapat na gulang na hindi bababa sa 18-taong gulang o mas matanda (kabilang ang Transition Age Youth at mas matatanda) na mga karapat-dapat, ngunit hindi kasalukuyang tumatanggap ng serbisyong hinggil sa kalusugan ng pag-iisip. Nagkakaloob din kami ng suporta at edukasyon sa mga miyembro ng pamilya at mga tagapag-alaga ng mga kalahok ng IHOT North. Ang aming mga koponang mobile ay pinaglilingkuran ang mga rehiyon ng North Central, North Inland, at North Coastal ng County ng San Diego. Ang mga karapat-dapat na kalahok ay dapat mga naninirahan o kilala bilang mga walang tahanan sa loob ng isa sa tatlong rehiyon ng North County.

Mga referral

Tumatanggap kami ng mga referral mula sa sari-saring uri ng ahensya ng komunidad at mga indibidwal, kabilang ang mga pamilya at kaibigan, mga serbisyo sa pagtugon sa emerhensiya, mga ospital, bilangguan, at mga organisasyon ng pagpapagaling at adbokasiya.

Ang mga referral sa iba pang mapagkukunan ng serbisyo sa komunidad ay ipinagkakaloob sa mga hindi karapat-dapat para sa Programa ng IHOT North.

Ang IHOT North ay pinamumunuan ng Mental Health Systems (MHS) sa pakikipagtulungan sa National Alliance on Mental Illness, San Diego (NAMI-SD) at sa Union of Pan Asian Communities, San Diego (UPAC).
Ang programa ay nagkakaloob ng gabay, suporta, impormasyon, ugnayan, at mga serbisyo ng referral sa mga may sapat na gulang at mga pamilyang naninirahan sa North San Diego County.

Ang mga oras ng aming opisina ay Lunes hanggang Biyernes 8:00am-5:00pm.

Ang aming serbisyo pagkatapos ng regular na mga oras ng pagsasara at araw ng walang pasok ay maari pa din suportahan sa pamamagitan ng pagtawag sa "on-call" na telepono.

Business Office:
365 S Rancho Santa Fe Road, Suite 100
San Marcos, CA 92078
Phone (760) 591-0100 | Fax (760) 591-0101

A collaborative partnership with:

NAMI San Diego
National Alliance on Mental Illness

UPAC

COUNTY OF SAN DIEGO
HHSA
HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY

Funded by the County of San Diego, HHSA Behavioral Health Services under the Mental Health Services Act.

MHS is a 501(c)(3) non-profit corporation.

IHOT North
In-Home Outreach Team

Serving North San Diego County Regions



Paanong Makatutulong ang IHOT?

Ang programa ng IHOT North ay nagkakaloob ng mga outreach at engagement, kabilang ang suporta at edukasyon, pag-screen ng mga pangangailangan, pangangasiwa ng pagbabago ng kaso, mga referral sa mga serbisyo ng komunidad at pamamagitan sa krisis gaya ng kinakailangan.3

Naghahandog kami ng malawak na mga serbisyo para tumulong sa mga pangangailangan, suporta, o mga serbisyong hinahangad. Naniniwala ang Programa ng IHOT North sa pagpapatibay sa mga boses ng ating mga kalahok at pagtatanim ng pag-asa at pagkamatatag gamit ang matibay na kahalintulad na karanasan ng isang indibidwal o pamilya. Partikular dito, personal naming binibisita ang indibidwal at ang kanyang pamilya kung saan man sila-nakakahimok na mga tanong para aktibong masolusyunan ang mga problema kasama ng mga miyembro ng koponan IHOT North. Nagkakaloob kami ng pangangalagang may kalidad habang ginagalang ang simulain at dignidad ng bawat indibidwal at pamilyang aming pinagsisilbihan.

Ang Programa ng IHOT North ay nagkakaloob ng suporta, kinakailangan ng pagtatasa, at tulong sa paglutas ng problema para sa:

- Inisyal na pakikipagsundo ng mga serbisyo
- Matutunan ma-access ang suportang kailangan mo mula sa mga klinika ng San Diego County at iba pang serbisyo ng komunidad
- Mga pagbabago sa mga sitwasyon sa pamumuhay
- Ang pagiging empleyado o pagbabalik sa trabaho

Ano ang aming mga serbisyo?

Ginagabayan ng peer and family support staff, nabubuo an gaming mga serbisyo sa bawat kalahok at kanilang mga mahal. Nalilikha ang mga isinaindibidwal na layunin para matulungan ang mga kalahok na makilala at matamo ang kanilang mga pag-asa at pangarap. Ang panahon ng serbisyo sa amin ay ibinabatay sa antas ng pangangailangan ng aming kalahok. Kasama sa mga miyembro ng koponan ng IHOT North ang kalalakihan at kababaihan ng sari-saring edad, lahi at mga pinagmulang lahi, na mga sanay na kapantay at mga espesyalista sa pamilya. Ibinabahagi nila ang kanilang sariling buhay na mga karanasan sa mga kalahok at pamilya ng IHOT North. Ang aming mga serbisyo ay nagsasanay ng pangkulturang pagtugon, pagkamalikhain at ng pinakamataas na mga etikal na pamantayan.

Pinagkakaloob ng IHOT North ang mga sumusunod na serbisyo:

Kinakailangan ng pagtatasa: Nakikipagtagpo kami sa bawat kalahok kung san man sila pinakakomportable ang pakiramdam at tinatalakay ang kanyang mga pangangailangan, kalakasan, layunin at mga alalahaning medikal.

Outreach at Engagement: Kung ang kalahok ay kasalukuyang nasa bilangguan sa hospital, makikipagtagpo kami doon para matulungang matukoy ang mga sumusunod na hakbang. Nagsusumikap kaming bumuo ng ugnayan batay sa pagtutulungan, kolaborasyon, pagtitiwala at suporta, at padaliin ang mga kinakailangan o mga ninanais na referral.

Pangangasiwa ng Pagbabago ng Kaso: Ang mga serbisyo sa kaso ay mga tipikal na panandalian ang gawi, at mauugnay sa mga serbisyo ng pangagasiwa ng matagalang kaso gaya ng kinakailangan. Ang mga miyembro ng koponan ng IHOT North ay nagkakaloob ng magkaagapay na pagtuturo at mga ugnayan sa mga hinahangad na suporta gaya ng kinakailangan.

Suporta at Edukasyon: Nagkakaloob kami ng impormasyon at edukasyon tungkol sa pangangasiwa ng mga sintomas, kung paanong makipag-usap sa doctor at kung paanong i-access ang suporta, mga serbisyo at mga mapagkukunan ng komunidad

Pangangasiwa sa Krisis: Tumutulong ang mga miyembro ng koponan ng IHOT North sa pag-access sa tamang tulong para maistablisa ang sitwasyon ng krisis at sanayin ka sa mga sumusunod na hakbang. Available kami pagkatapos ng mga oras na regular na pagsasara at sa mga araw na walang pasok na may mga serbisyo ng in-person na nakaschedule ayon sa appointment. Nakikipagtulungan kami sa mga miyembro ng pamilya at iba pang kabilang kung kinakailangan.